

# I Ang Banga

**T**aong 1998. May programang reforestration sa bayan ng Hawili at sumali ang mga high school students ng *Salazar Montano High School*. Umakyat sila ng bundok bitbit ang mga pala at seedlings. Nagsimula iyon nang alas siete ng umaga at bandang ala una ng hapon ay tapos na ang programa. Imbes na sumama sa karamihan na bumaba ay bumuntot sina Ariella, Gela at Rita sa basketball team.

“Maganda raw ’yong ilog. May falls pa nga raw!” kuwento ng MVP na si Rendon. Ito ang nangunguna sa grupo habang naglalakad sila dahil ito ang may kakilalang mangangahoy na nakapunta na ng ilog.

Mga isang oras din silang naglakad sa gitna ng kasukalan hanggang sa natapos ang lupa at tumambad ang isang bangin. Napasinghap sila dahil ang ganda ng ilog na kumikinang sa ilalim ng alas dos na araw at ang talon niyon ay parang sa kurtina na tumutulo mula sa mga lumot sa bangin na kanilang kinatatayuan. Ang tanging problema ay matarik ang bangin at para makaligo sila doon ay kailangan nilang mag-dive. Halos kasintaas

ng isang matayog na niyog ang kinatatayuan nila mula sa ilog sa ibaba.

Isa-isang nag-dive ang mga basketbolista. Si Rita ay nagpasikat din dahil malaki ang crush niya kay Rendon kaya kahit ninenerbyos ay buwis-buhay na nag-dive siya. Sina Ariella at Gela naman ay natulos sa kinatatayuan. Hindi nila kaya ang taas.

“Ariella, bumalik na lang kayo sa tuktok at hanapin n’yo sila!” sigaw ni Rendon sa dalawa.

Natatakot man na bumalik sa tuktok ng bundok nang sila lang ay wala silang magawa. Hindi na puwedeng akyatin ng mga kasamahan ang bangin kaya binaybay na lang nila ang daan pabalik ng tuktok. Nakakaliyo ang daan patungo roon at malumot. Idagdag pang mainit dahil ang bundok ay puno ng mga bariw. Ito ay isang uri ng pandan na napakaraming dahon. Ubos na ang baon nilang tubig kaya pawisan at nayayamot na ang kanilang mga itsura sa sobrang uhaw. Hindi pa nila matukoy kung tama ang kanilang dinadaan dahil hindi nila makita ang iba nilang kaklase.

Bandang alas cinco na nang nakababa sila sa isang malubak-lubak na kalsada at nakasalubong nila ang kanilang principal na kasama rin nilang umakyat ng bundok kanina.

“Ma’am!” tuwang-tuwa nilang tawag. Sa wakas ay may nakita na silang pamilyar na mukha. Ewan nga kung saan na ang iba nilang kasamahan.

Napalingingon si Mrs. Antonio at nagtanong

kung paano sila napadpad sa baryo nito dahil sa kabilang barangay daw naghihintay ang mga jeep na maghahatid sa kanila sa Poblacion.

Ikinuwento nilang naligaw sila.

“Hay naku! Mga bulakbol kasi! Kung saan-saan pumupunta!” sermon ng principal. Pagkatapos nitong maglitanya ay sinabihan silang sumabay dito. Dadaan muna raw ito ng bahay nito para makausap ang ate nito bago umuwi sa Poblacion. Ngayon lang nila nalaman na galing pala ng Sarangkalan ang kanilang principal dahil naninirahan na ito sa Poblacion kasama ng asawa at tatlong anak na pulos babae.

Tumawid sila sa isang maliit na tulay bago nila narating ang isang lumang bahay na pinapalibutan ng mga kahoy ng star apple at chico. Isa itong bahay na bato na semento ang sa ibaba, kahoy ang sa ikalawang palapag at gawa sa capiz shells ang mga bintana.

Tinanong nila ang principal kung saan sila makakakuha ng tubig dahil uhaw na uhaw na sila.

Napaisip muna nang malalim si Mrs. Antonio, mukhang nag-aalangan, pero mayamaya ay itinuro nito ang gilid. “Diyan kayo dumaan papunta sa likuran. Sa kusina ay may banga roon. Doon kayo kumuha ng tubig.” At mabilis itong umakyat ng hagdanan para makapasok ng bahay.

Pumunta sina Ariella at Gela sa likod-bahay at doon ay nadatnan nila ang isang babaeng pinapalaki ang apoy sa tumpok ng mga dahon na winalis nito. Kamukha nito si Mrs. Antonio pero

pulos puti na ang mahabang buhok na nakatali at parang na-stroke dahil kirat na ang isang mata.

“Hello po. Saan po ang kusina?” tanong ni Ariela sa babae.

Nahihiwagaang itinuro nito ang kawayang kubo sa likod.

Nagpasalamat sila bago dumiretso roon. Puno ng agiw ang silid pagkabukas nila ng pinto at medyo madilim dahil isang maliit na bintana lang sa gilid ang nagbibigay-liwanag sa kusina. May nakahilera na mga kaldero mula sa maliit hanggang sa malaking kawa na nilulutuan ng muscovado, may mga kahoy na panggatong, mga sako ng bigas, mga tuyong isda na nakatali mula sa lubid sa bubong at isang malaking banga ang nakapuwesto malapit sa pugon.

Sa tinding uhaw ay binuksan agad ng dalawang babae ang mga dalang water jug at tumakbo papunta sa banga. Dahil sa mas mahaba ang mga legs ni Gela ay nauna itong nakahawak sa gripo. Nang napuno nga ang jug ay agad na nagtungga. Nang naubos lahat ng tubig ay napabungisngis. Ang mga pisngi niya ay nagkaroon ng kulay. Ikaw ba naman ang uhawin nang limang oras sa kalalakad sa bundok, kung hindi ka halos mangisay.

“Alis ka diyan!” sabi ni Ariella, sabay tulak para makapuwesto sa harap ng banga. Nang napuno ang water jug ay atat na atat rin niyang tinungga ang tubig at nangangalahati nang may napansing malansa. Itinigil niya ang pag-inom

at inamoy ang tubig. Malansa talaga! Parang aso na hindi pinaliguan ng tatlong buwan na ewan. Ipinaamoy niya iyon kay Gela at halos maduwal ang kaibigan.

“S@#!! Sa sobrang uhaw ko ay di ko na namalayan ang amoy!” mura ni Gela.

Kapwa sila napatingin sa malaking banga. Gawa ito sa seramiko at halos limang talampakan ang taas. Hindi naman sobrang luma, iyon nga lang sa ibabang banda ay nilulumot na ang disenyo ng mga inukit na dahon. Nasagi pa ng tingin nila ang batong takip at napatanong kung ano kaya ang laman ng banga kaya naging malansa ang tubig.

Dahil nga sa mataas at hindi abot ang takip ay sinipa ni Ariella ang malaking kaldero sa gilid para may mapatungan. Tumunog kaya pinagtulungan nilang buhatin para hindi marinig ni Mrs. Antonio. Nang mailagay na sa magandang puwesto ay inakyat iyon ni Ariella. Mabigat ang batong takip kaya dalawang kamay ang ginamit niyang panghila. Tumiyad siya para matingnan ang loob ng banga.

Madilim kaya nag-adjust muna ang mga mata ni Ariella para maaninag ang loob. At may gumalaw. Ikinurap-kurap niya ang mga mata para siguraduhing may nakikita. At umalog ang banga dahil hindi lang isa ang gumalaw kundi dalawa kung ano man itong mabalabhibong nasa loob ng banga. Bumaliktad ang sikmura niya at maduduwal na sana nang isang tuka na may maputlang giligid at maliliit na mga pangil ang

bumuka at pumaimbabaw na para bang humihingi ng pagkain. Nanlaki ang kanyang mga mata at napanganga rin siya. At nag-panic siya nang nag-iyakan ng tik-tik-tik ang nasa loob. Mabilis niyang ibinalik ang takip at natakpan agad ang ingay.

“Ano ang nakita mo? Bakit tumutunog ‘yon?” namumutlang tanong ni Gela.

Magsasalita sana si Ariella nang may narinig silang sigawan sa labas.

“Hindi ka talaga nag-iisip! Paano kung hindi gumana ‘yang ideya mo? Malaking problema ang kakaharapin mo, Ezmeralda!”

“Hindi mo maiintindihan dahil hindi ang mga anak mo ang mapeperwisyo dito! Lahat ay gagawin ko para hindi lang sa kanila mapunta ang mga ‘yan!” rinig nilang sigaw ng kanilang principal. Mayamaya ay bumungad na ang mukha nito sa kanila.

“Tapos na kayo?” tanong ni Mrs. Antonio sa kanila habang pinapakalma ang sarili.

Hindi sila nakasagot.

Napatingin ito sa banga bago ibinalik ang mga mata sa kanila, mukhang nananantya.

“Dalian n’yo dahil wala nang tricycle na bumababa ng Poblacion kapag gabi,” sabi ng principal bago tumalikod para makalabas ng silid.

Tahimik na bumuntot dito sina Ariella at Gela. Nakita nila ang ate ni Mrs. Antonio na galit na galit na nakatingin sa kapatid nito. Hindi sila umimik nang sumakay ng tricycle hanggang sa nakarating sa Poblacion. Pagbaba nila sa bahay ni Gela ay

mabilis silang nagtakbuhan sa CR at doon dinukot ang mga tonsil para lang maisuka ang nainom na tubig sa bahay ni Mrs. Antonio. Huminto lang sila sa pagkalikot sa tonsil nang wala na talagang maisuka.

Pagkauwi ni Ariella sa bahay ay napaiyak siya sa kuwarto. Gusto niya mang sabihin sa mga magulang ang nangyari, pero hindi niya alam kung maniniwala ang mga ito.

Kinabukasan, araw ng Lunes, ay pumasok sila sa eskuwelahan at parehong namumutla ang mga mukha dahil hindi nakakain ng almusal pagkat wala silang ganang kumain. Pagdating ng recess ay pinuna sila ni Aling Karing, ang tintera/kusinera sa canteen.

“Bakit ang puputla ninyo? Ito ang lugaw, pang-init niyo sa sikmura.”

Dahil hindi mahirap ngayain ang lugaw ay tinanggap na nila. Masarap pa naman kaya kahit paano ay naganahan sila ng kain. Nang sumunod na araw ay inimbita ulit sila ng tintera na kumain ng lugaw. Paano nila hindi tatanggapin, eh, ipinapautang naman.

Isang araw ay nakita ng magkaibigan na nag-uusap sina Aling Karing at Mrs. Antonio. Nang makita sila ng mga ito na papasok ng canteen ay tumigil ang dalawang nakatatandang babae sa kung anumang pinag-uusapan at pasimpleng lumayo. Nagtaka man sila sa ginawi ng mga ito ay nakaamoy sila na parang may mali kaya hindi na sila nagpupunta ng canteen. Hindi nila maiwasang

isipin na baka may inilalagay ang tindera/kusinera sa lugaw na kinakain nila. At umiiwas din silang magpunta sa faculty office kung saan parang lawin na tumitingin sa kanila palagi ang principal.

At mukhang hindi rin tatagal ang pag-iwas nila sa sitwasyon dahil sa ikaanim na araw pagkatapos nilang bumaba ng bundok ay sumakit ang tiyan ni Gela. Sinamahan ito ni Ariella sa CR at doon ay nagsuka ito ng kulay dilaw na may pinaghalong lila at pula. Lupasay ito kaya humingi na si Ariella ng saklolo sa teacher nila. Mayamaya ay dumating ang mga magulang ni Gela para maiuwi ito.

Umabot ng isang linggo na naka-confine si Gela sa ospital at nang hindi ito gumaling ay kinausap si Ariella ng mga magulang niya at ng daddy ni Gela tungkol sa ininom nila sa bahay ni Mrs. Antonio. Nagkuwento raw kasi si Gela sa tatay nito tungkol sa nangyari.

Sinabi naman ni Ariella kung ano ang nakita niya sa loob ng banga; may tuka roon.

Dahil sa abogado ang lolo ni Gela ay nakakuha ang daddy nito ng search warrant para maghanap ng lason sa ancestral house ni Mrs. Antonio. Sumama si Ariella sa daddy niya at sa mga pulis para maituro kung saan ang banga. Pinuntahan nila ang kusina. Nandoon ang malaking banga pero parang may nagbago; tila kumaunti ang lumot na nakaguhit sa dahon sa bandang ibaba.

Lumapit ang isang pulis at tiningnan ang laman ng banga. Wala raw anumang tuka roon.



Tubig lang ang nasa loob.

“Ano’ng gusto n’yong palabasin?! Na nilason ko ang mga anak n’yo?” galit na galit na tanong ni Mrs. Antonio sa grupo. “Kung ganoon dapat pati si Ariella ay nasa hospital ngayon! Di ba, Ariella, nakainom ka rin?!”

Hindi sumagot si Ariella. Idinuko niya lang ang ulo dahil takot sa principal.

Dahil sa walang nakita ay hindi rin nakasuhan si Mrs. Antonio. At sa matinding kalungkutan ng lahat ay nangyari ang isang trahedya. Tatlong linggo pagkatapos nilang uminom ng tubig sa banga ay hindi na kinaya ni Gela ang matinding dehydration. Nadala pa ito ng mga magulang sa Maynila at doon na ito binawian ng buhay. Napakalungkot ng libing nito dahil nag-iisang anak at nag-iisang apo. Maganda pa naman si Gela at matalino. Nasayang talaga.

At kung akala nina Ariella na sa libing ni Gela matatapos ang lahat ay nagkakamali sila. Hapon iyon nang naghihikahos na dumating si Concha Tsismosa sa bahay ng mga Carles para isumbong sa mommy ni Ariella ang pinakabagong balita sa palengke. Si Mrs. Antonio daw ay hindi na nakaabot nang buhay sa hospital dahil binaril ng hindi kilalang tao habang nagdidilig ng halaman sa harap ng bahay.

“Diyos ko! Anong trahedya ito?!” iyak ni Mrs. Carles. Kasama rin kasi nito si Mrs. Antonio na nagsisilbi sa simbahan kaya nakakalungkot ang mga nangyayari.

Si Mr. Carles naman nang narinig ang balita ay wala man lang simpatiya sa principal. May binitiwang pa itong mga salita. “Ako rin siguro kung mapatayan ng anak nang ganoon-ganoon lang ay baka kung ano rin ang magawa ko! Mabuti sana kung may korte na maniniwalang aswang si Mrs. Antonio at nilalawayan niya ang mga tiktik sa banga na 'yon, eh! Saan ako kukuha ng hustisya para sa anak ko kung nagkataon?”

At iyon nga, may pamilya rin ang principal, may asawa, anak, mga manugang at kaibigan na nagsasabing gawa-gawa lang daw ang kuwento tungkol sa banga. Ang ipinupunto nila ay si Ariella. Kung totoo raw na aswang si Mrs. Antonio at may binubuhay na mga tiktik sa banga, bakit daw hindi nagsuka si Ariella gayong nakainom din? Twentieth century na raw ngayon para maniwala pa sa mga kuwento ng matatanda tungkol sa mga aswang na dumudura at nagpapatulo ng laway sa banga para mabuhay ang mga alaga nila sa loob.

At dahil nga sa magulo na ang sitwasyon at may patayan nang nangyayari, minabuti ng mag-asawang Carles na patigilin sa pag-aaral si Ariella sa probinsya at pinaluwas na lang ng Maynila para doon na lang uulitin ang senior year nito sa high school.

Sa mga oras na iyon, hindi tumino sa isipan ni Ariella na kung ano ang nangyari kay Gela ay puwede rin namang mangyari sa kanya. Ang pagkakaintindi niya ay hindi siya natablan dahil kalahati lang ang kanyang nainom na malansang

tubig at naisuka niya lahat pagkauwi. Pero mali pala!

Dalawang taon pagkatapos mamatay sina Gela at Mrs. Antonio ay dumating ang isang matinding sakit sa kanya. Nanonood sila ng sine noon ng pinsan niya nang bigla na lang siyang namilipit sa sakit dahil parang mahuhulog ang matris niya. Inalalayan siya nito papuntang CR at doon ay sumuka siya nang sumuka ng kulay dilaw na may halong pula at lilang likido.

Kinagabihan ay lumuwas agad ng Maynila ang mga magulang niya at nang sumunod na mga araw ay hilera na ng mga doktor at albularyo ang tumingin sa kanya. Hindi na niya maalala kung ano ang nangyayari dahil halos wala na siyang malay. Hindi siya makakain dahil isinusuka niya lang. Ang pait-pait ng lalamunan niya at ang hina-hina ng kanyang katawan dahil nawawalan ng electrolytes dulot ng diarrhea.

At dumating ang resulta ng MRI na ginawa nila sa isang hospital. Meron daw tumutubong tumor sa kanyang matris at posibleng ito ang nagdudulot ng malubha niyang pananakit ng tiyan at diarrhea.

Hindi na nagpatumpik-tumpik ang mga magulang ni Ariella. Pinaoperahan agad siya para makuha ang nakitang tumor at sa malaking pasasalamat ay bumalik sa tamang sigla ang kanyang pangangatawan. Tumigil ang pananakit ng kanyang tiyan maging ang pagsusuka at pagtatae. At naging masigla uli si Ariella.

Nang nakalabas ng hospital ay pinilit nilang kalimutan ang lahat. Ang importante kasi ay gumaling si Ariella. Ang totoo ay matagal din bago sila nakabangon sa trauma na dulot ng karanasan. Hindi nila ito pinag-uusapan kung ayaw nilang masira ang kanilang mga araw.

Sampung taon pa ang lumipas bago nagkaroon ng lakas ng loob na mag-usisa sa ina si Ariella tungkol sa nangyaring operasyon. Naka-migrate na silang lahat sa Canada at nang mga oras na iyon ay meron silang family get-together para sa New Year's Day. Na-curious siya kung ano ang nakita sa kanyang tiyan.

“Hindi ko alam, anak. Hindi kasi pinakita sa akin ng daddy mo. Ang alam ko ay pinatago 'yon sa surgeon mo.”

Siguro nga oras na talaga para tuldukan niya ang mapait na karanasan. Buwan ng Hunyo ay umuwi siya ng Pilipinas dala ang asawang African/American at ang anak na babae. Pumunta sila kay Dr. Angning sa Alabang.

“What you had is teratoma tumor,” sabi ng surgeon. “Isa siyang tumor kung saan may tumutubong ngipin, buhok, daliri, kuko, mata. Isa siyang misplaced cell na may kakayahang tumubo nang ganoon sa loob ng matris mo o kahit saang parte ng katawan.”

“Doc, nandiyon pa po ba 'yong tumor?”

“Oo. Naitago ko siya.”

Inimbita ng doktor si Ariella na bumuntot dito papunta sa isang silid kung saan nito itinatago

ang mga tumor at mga parte ng katawan na pinag-aaralan nito at ng mga estudyante. Iniwan niya ang asawa at anak sa clinic dahil matapang ang amoy ng formaline sa silid at baka matakot ang anak niya sa mga lamang-loob na nakababad sa bote.

Dumiretso sila ng doktor sa isang lumang kabinet na mukhang hindi nabuksan nang matagal dahil puno ng bahay-gagamba. Binasa muna ni Dr. Angning ang label sa isang garapon bago inabot.

Napahawak ng lalamunan si Ariella nang nakita ang laman ng garapon—balat at karne na nakalutang. Ang nakakarimarim lang ay ang ilang tirang balahibong nakakabit doon, ang mga maliliit na paa at kuko, at ang tuka. Isang ibon!

At kung tama ang pagkakaintindi niya sa nangyari ay mukhang gustong ipamana ni Mrs. Antonio sa kanila ni Gela ang pagiging aswang nito para hindi mapunta sa mga anak nitong babae.

Tahimik siyang nagdasal ng munting pasasalamat na nakuha ang ibon sa kanyang tiyan habang naalala ang mga kuwento ng matatanda roon sa kanila tungkol sa mga nasalinan ng tiktik. Lalaki pa raw ang ibon sa tiyan niya kung natuluyan siya noon hanggang sa magkukumahog na lumabas.

Itatago daw ito ng bagong aswang sa banga para matakpan ang kahihyan, at doon nito lalawayan dahil sa laway niya mabubuhay ang ibon na nasanay sa tubig na nasa loob ng kanyang

katawan.

At tulad ng lahat ng mga nilalang sa sanlibutan na nangangailangan ng kasunod para magpatuloy sa lahi nito ay hindi mamamatay ang mga alaga ng magkapatid na Antonio hanggang sa may magmana sa kalbaryo ng mga ito.

Nakakahiwaga nga kung paano nalaman ng matatanda ang tungkol sa mga tiktik. Sino ba ang nakakaalam ng mga nangyari noong unang panahon, ang mga sekretong nakalimutan at mga hiwagang tanging kalikasan lang ang makakasagot.

Ang tanong ngayon ni Ariella ay kung hindi nakayanan ni Gela ang proseso at namatay, habang siya naman ay naoperahan at nakatakas, kanino kaya naipasa ang mga tiktik sa banga?

# II

## Ang Singsing

**S**a Barangay Dispasisaw na tumanda si Mane. Isa siyang magsasaka. Isang araw pagkatapos niyang kumuha ng mga kahoy na panggatong sa burol ay tumawid siya ng palayan para makauwi sa patag. Nandoon ang kanilang kubo. Naglalakad siya nang may nahagip ang kanyang mga mata. Isang singsing! Nasa gilid ito ng tangkay ng palay at halos matakpan ng putik.

Inilibot ni Mane ang tingin sa paligid para malaman kung sino ang nakaiwan ng singsing. Siya lang ang nakatayo sa ekta-ektaryang palayan nang oras na iyon. At dahil sa walang nakatingin ay dinampot niya ito at inilagay sa kanyang bulsa.

Pagkauwi ay wala siyang sinabihan sa kanyang nakita. Hindi siya pumunta ng barangay para sana i-report ang singsing. Ikinandado niya ang kubo at hinugasan ang singsing sa timba ng tubig. Nang wala na ang putik na kumukulapol dito ay naaninag na ang totoong ganda nito.

Kahit hindi siya bihasa sa mga alahas ay masasabi niya agad na totoong ginto itong hinahawakan niya dahil sa kulay at sa tibay. Kumikinang pa naman ang tatlong maliliit na ruby

na mistulang koronang nakapatong. Malapad ang ngiti niyang isinukat ang singsing at saktong-sakto sa daliri niya! Nakakatuwa pa sapagkat pati ang mga daliri niya ay nagmukhang mamahalin dahil sa ganda ng kanyang napulot.

Pagkauwi ng asawa niya mula sa bundok ay ipinakita niya ang singsing.

“Hindi sa ‘yo ‘yan kaya ibalik mo ‘yan,” sabi nito.

Isang ismid ang sagot ni Mane. Ni minsan ay hindi siya nagkaroon ng singsing dahil sa hirap ng buhay kaya bakit niya ito isasauli? Kasalanan iyon ng may-ari dahil hindi ito naging maingat sa gamit. Itinago niya ang singsing sa kanyang aparador, doon sa lagayan niya ng pera. Ikakasal ang pamangkin niya sa sunod na buwan at siguradong babagay ang singsing sa trahe nito.

Kinagabihan ay may napansin siyang kakaiba. Naghuhugas siya ng pinggan at kaldero sa kusina nang may narinig siyang sumisikad.

“Inggok, hindi mo ba natali ang kalabaw?” sigaw ni Mane sa asawa.

Walang sagot. Tulog na siguro ito.

Dumiretso na lang siya sa pinto at sinilip ang madilim na labas kung pagala-gala ang kanilang kalabaw. Wala naman! Nakatali iyon sa puno ng niyog.

Minabuti niyang magtungo na sa kuwarto upang matulog. Kinaumagahan ay pinuna uli siya ng kanyang asawa.

“Dalhin mo kaya ang singsing na ‘yon sa



barangay para masauli na sa may-ari,” sabi ni Inggok.

Hindi niya ito pinansin. Dumiretso siya sa kanilang palayan at nangbungkal ng mga damo. Mabuti naman at nang umuwi siya kinahapunan ay hindi siya pinuna ng asawa niya. Tahimik lang itong kumain ng hapunan at pumunta sa kanilang papag para matulog.

Habang naghuhugas ng pinggan ay may narinig na naman siyang sumisikad. Lumabas siya para itali ang kalabaw, ngunit nakatali naman iyon sa puno ng niyog. Sino iyong sumisikad? Kunot-noong bumalik siya ng bahay at dumiretso sa papag para matulog.

Kinaumagahan ay nagpaalam ang asawa niya na pupunta ng kabilang bayan para maglamay sa namatay na pinsan at baka sa sunod na araw pa makauwi. Bago nga umalis ay sinabihan uli siya nitong ibigay ang singsing sa barangay. Hindi niya ito pinakinggan.

At dahil wala si Inggok ay mag-isa na lang siyang naghapunan kinagabihan. Natatakot nga siyang pumunta sa kusina dahil baka may sumikad ulit. Pero hindi naman niya puwedeng iwan lang ang kinainan. Hinugasan niya iyon at nakahinga siya nang maluwag nang wala na siyang narinig na sumikad. Nawala tuloy ang nerbyos niya.

Dahil tapos na lahat ang mga gawaing-bahay ay dumiretso na siya sa kanilang kuwarto at natulog. Pipikit na lamang ang mga mata niya nang may narinig siyang sumisikad. Napamulat siya bigla

dahil nasa labas lang ng pinto ng kuwarto ang naririnig niyang ingay. Paano nangyari ito gayong ikinandado naman niya ang pinto sa labas?

Mabilis niyang tinungo ang pinto ng kuwarto at sinigurong nakandado. Bumalik siya pagkatapos sa higaan at nagtalukbong ng kumot.

At may sumikad.

Halos mapugutan ng hininga si Mane dahil nasa loob na ng kuwarto ang sumisikad. Iminulat niya ang mga mata para matingnan kung ano iyon. Sa ilalim ng kumot ay nabanaag niya ang isang napakatangkad na tao na mukhang mahaba ang balbas at buhok. Mayamaya ay isang mabigat na bagay ang pumatong sa lalamunan niya at sumakal sa kanya.

“Nasaan ang singsing?” tanong nito sa galit at wala-sa-mundong tinig.

Dahil sa hindi makahinga ay nagpumiglas si Mane kaya natapon ang kumot at tuluyan niyang nagsinan ang bisita. Matangkad ang lalaki. Isa itong nilalang na may ulo, mga braso at katawan ng tao, at ang ibabang bahagi ng katawan ay katulad ng sa kabayo. Isang *kentawra*!

Madilim kaya hindi niya maaninag ang mukha basta sa anino ay may kahabaan ang nguso nito.

“Magnanakaw ka!” hiyaw ng *kentawra* sa kanya, sabay iyak ng tunog ng kabayo. “Hindi sa ’yo pero kinuha mo!”

Nagpumiglas lalo si Mane para makawala. Nang nabitiwan ng *kentawra* ang leeg niya ay napatakbo siya sa pintuan, pero nahablot nito ang

buhok niya.

Nahawakan naman niya ang batuta ng asawa niya kaya inihampas niya iyon sa nilalang. Napaatras ito pero mayamaya ay sumagupa ulit. Gumulong silang dalawa sa sahig. Kawawa siya dahil bukod sa mahahabang braso ng *kentawra* ay may apat na pangsikad pa ito. Nanghampas siya hanggang sa hindi na nakaya ng katawan niya ang sakit mula sa paninipa ng kaaway. Nawalan siya ng ulirat.

“Hoy, bakit diyan ka sa sahig napatulog?” tanong ni Inggok na nagpagising sa kanya.

Iminulat ni Mane ang kanyang mga mata at nakita niyang maliwanag na ang paligid. Buhay pa ba siya?

“Inggok, may *kentawra* dito kagabi!” sambit niya sa asawa, sabay pahupa sa dibdib.

“Kumain ka ba ng hapunan? Baka gutom lang ’yan,” sagot nito.

Tiningnan niya ang katawan para ipakita kay Inggok ang pamamaga pero wala naman. Paano kaya nangyari iyon gayong pagod na pagod siya at nananakit ang mga kalamnan?

Tumayo siya at tinungo ang aparador. Hinablot niya ang karton mula sa loob. Nandoon pa ang singsing. Hindi na siya nagpatumpik-tumpik pa. Tumakbo siya papuntang palayan at isinauli kung saan man niya napulot ang singsing.

Magmula noon ay wala na siyang narinig na pagsisikad. At higit sa lahat ay natuto na rin siya na huwag mangdampot ng hindi sa kanya.

# III

## Ang Amalanbig

**N**akita ni Nelda sa diyaryo ang ad na *Wanted: Mananahi*. Dahil sa kasasalta galing probinsya at pananahi lang ang tanging alam ay tinawagan niya agad ang contact person na nangangailangan niyon. Sa Quiapo raw ang patahian kaya pumunta siya roon. Sa suwerte ay natanggap siyang beader.

Malaki itong patahian at pulos gown ang ginagawa. May anim na sewer, isang patternmaker, tatlong beader at isang messenger. Hindi naman istrikto ang may-aring si Mrs. Abad. Marunong itong umintindi sa mga sitwasyon nila basta huwag na huwag lang suwayin ang isang batas—ang pumasok sa maliit na silid na nasa gilid ng opisina nito dahil doon daw nakatago ang mga mamahaling rolyo ng tela at mga beads.

Takot siyang mawalan ng trabaho kaya hindi siya kailanman pumasok sa silid na iyon. At isa pa, mahirap pasukin dahil ang pinto niyon ay nasa loob ng silid ng opisina ni Mrs. Abad. Ang mga kasamahan niya sa trabaho ay hindi rin pumapasok doon maliban kay Nanay Diding na matagal ng tauhan ni Mrs. Abad.

Minsan, may isang mag-ina na dumating para magpatahi ng gown na pang-birthday party ng limang taong gulang na anak. May dalang aso ang mga ito at nilalaro ng bata habang nag-uusap ang ina at si Mrs. Abad ng magiging disenyo. Dahil absent si Nanay Diding ay tinawag siya ng employer na siya na ang magsukat sa mag-ina.

“Asikasuhin mo sila, Nelda, ha. Kukunin ko muna ang telang chiffon doon sa kabila,” sabi ni Mrs. Abad, sabay labas ng silid.

Kinunan naman niya ng sukat ang mag-ina. Abala siya sa kasusukat ng haba ng likod ng nanay nang nakita niyang tumalon ang aso sa yakap ng bata at tumakbo papunta sa bawal na silid. Natulak nito ang pinto at pumasok doon.

“Bruno!” sigaw ng bata, sabay takbo papasok din ng silid.

“Hija, huwag diyan!” sigaw niya, sabay bitaw sa tape measure. Tumakbo siya para habulin ang bata sa loob.

Maliit lang ang silid. Madilim dahil walang bintana. Ang umiilaw lang ay ang sinag ng bombilya na galing sa opisina ni Mrs. Abad. May iilang rolyo ng tela ang nakasampa sa mga dingding, isang aparador na puno ng mga beads, isang malaking plastik na gallon, at isang mannequin na nakasuot ng damit-pangkasal na may pares na parasol.

“Tapos na ba kayong sukatan?” tanong ni Mrs. Abad sa ginang, kababalik lang nito mula sa kabilang silid.

Dinampot ni Nelda ang aso at mabilis na

kinaladkad palabas ng bawal na silid ang bata. Nang nakita siya ni Mrs. Abad sa pintuan ay namutla ito. Hinintay muna nitong makauwi ang mga kliyente bago siya sinermunan.

“Mabait naman ako sa inyo, ah! ‘Yon lang ang hinihingi ko sa inyo, pero hindi n’yo pa magawa!” galit na galit nitong sermon sa kanya.

Nagpaliwanag siya na pumasok kasi sa silid ang aso at ang bata. Hindi naman niya puwedeng iwan ang dalawa doon at baka sirain ng aso ang mga tela. Mukhang naintindihan naman ng mayari dahil tumigil ito sa kasesermon. Hinayaan siya nitong bumalik sa trabaho. Ayon nga sa mga kasamahan niya, suwerte raw siya dahil ang isa nilang mananahi dati ay sinisante pagkatapos pumasok ng bawal na silid.

Maayos naman ang trabaho ni Nelda nang sumunod na mga buwan. Nakaabot siya ng isang taon at naging malapit na rin sa lahat ng mga kasamahan, lalo na kay Nanay Diding. Maayos ang takbo ng negosyo ni Mrs. Abad hanggang sa may nangyaring hindi inaasahan.

Nasunog ang katabi nilang bakery at nasama ang patahian. Mabuti at sa likod lang ng patahian nanunuluyan si Mrs. Abad at ang boy nitong si Hermie kaya nasalba nila ang ibang gamit habang natupok ang iba. Lumipat sila pagkatapos sa isang mas maliit na shop.

Iyon na ang naging simula ng problema ni Mrs. Abad sa pera. Napilitan itong mag-lay-off ng apat na tauhan at pasalamat si Nelda dahil hindi

siya nasisante pagkat maganda daw ang mga gawa niyang beadings. Naging sakitin pa ang kanyang amo dahil sa nerbyos kaya palagi itong nadadala sa hospital. Pinagtutulungan nila palagi ni Nanay Diding na tapusin ang kanilang mga orders.

Minsan ay may doble silang deadline at dahil sa marami pang tatapusin ay hindi umuwi si Nelda. Hindi pa nakapasok si Nanay Diding pagkat masakit daw ang ulo. Nag-iisa siyang nagtapos ng mga gown. Nang natapos ang isang gown ay kinuha niya ang isa mula sa makina para malagyan ng beads at dahil nga natupok ng apoy ang mga mannequin kaya isa na lang ang natira.

Ito ang palagi nilang binihis-bihisan para sukatan at dahil sa mabigat ang isang ball gown ay nahirapan siyang hubarin iyon sa mannequin. Biglang pumasok sa isipan niya ang isang mannequin sa loob ng opisina ni Mrs. Abad, iyong dating nakatago sa bawal na silid. Alam niyang itinago iyon sa likod lang ng aparador.

Inilawan niya ang bagong opisina ng may-ari bago pumasok. Pagkatapos ay itinulak niya ang aparador para makita ang mannequin sa likod. Nandoon iyon at nakasiksik. Sa liwanag ng bombilya ay nasilayan niya ang itsura nito. Luma na dahil may ilang maliliit na crack ang magandang mukha. Mukhang kabibihis lang dahil isang itim na gown ang suot, iyong tinahi niya noong isang buwan. Pwede naman palang sukatan.

Hinawakan niya ang kamay ng mannequin para mabuhat pero mabigat. Mukhang gawa iyon

sa ivory dahil maliban sa bigat ay putlang-putla din ito. Mahal siguro ito dahil kuhang-kuha talaga ang daluyan ng ugat sa kamay.

Dahil sa mabigat ay itinulak na lang ni Nelda para madala sa labas. Hinubaran niya ng damit ang mannequin at nanggilalas dahil parang sa totoong tao talaga ang pag-ukit sa mannequin. Meron ngang pores ang balat, iyon nga lang walang ni isang balahibo. Tingin nga niya ay wig din ang buhok nito sa ulo dahil parang plastic. Kaya siguro itinatago talaga ito ni Mrs. Abad dahil siguradong mamahalin.

Ipinasuot niya sa mannequin ang gown at inumpisahang tahiin doon ang mga ginawa niyang bulaklak ng mga beads at sequins. Pagtingin niya sa orasan ay alas tres na ng madaling-araw at nangangalahati pa lang siya. Nang natapos tahiin ang mga beads at sequins sa laylayan ng gown ay inumpisahan naman niya ang sa baywang. Inuumpisahan niyang ikabit ang isang bulaklak nang biglang may isang kamay na humawak sa pulso niya.

Nagtataakang napatingin siya doon at nakita ang mapuputlang daliri at ang mga ugat. Mabilis siyang tumingala para tingnan kung kanino ang kamay at nakasalubong niya ng tingin ang mannequin. Namimilipit ito sa sakit dahil natusok niya ng karayom.

Hindi alam ni Nelda kung hihiyaw o tatalon. Basta parang sa kidlat na mabilis siyang tumakbo palabas. Sa sobrang gimbal ay naiwan niya ang



isang tsinelas. Kahit walang pambayad ay sumakay siya ng taxi at nangutang pa sa kapitbahay para lang iyon mabayaran dahil naiwan niya ang wallet sa bag sa patahian.

Hindi siya pumasok nang sumunod ng mga araw. Isang linggo siyang absent nang binisita siya ni Nanay Diding sa kanila at tinanong kung ano ang nangyari. Kung may nakita ba siyang kakatwa sa patahian o ano. Hindi siya nagsinungaling. Sinabi niya ritong nakita niyang gumalaw ang mannequin.

“Hindi naman siya nananakit, di ba? Sa sobra isang taon mong pagtatrabaho sa patahian, may narinig ka bang sinaktan si Rhea? Wala naman, di ba? Pinapabalik ka kasi ni Madam dahil gusto niya ang trabaho mo.”

Pero hindi agad bumalik sa patahian si Nelda. Naghanap siya ng bagong trabaho, pero hindi siya pinalad. Dahil may tinutustusan siyang pamilya sa probinsya ay napilitan siyang bumalik kay Mrs. Abad. At dahil alam na niya ang katotohanan na ang mannequin ay anak ni Mrs. Abad ayon sa kuwento sa kanya ni Nanay Diding at ni Mrs. Abad na rin pagkabalik niya sa patahian ay hindi na itinago ng dalawa sa kanya si Rhea.

Sa gabi kapag nagpupuyat sila ay inilalabas nila si Rhea sa patahian at doon ito umuupo sa sulok at nakatingin sa kawalan. Minsan ay may binibigkas itong nag-iisang salita. Bigla na lang nitong sinasambit ang pangalang ‘Andrew’. Tinanong nga niya si Nanay Diding kung sino si

Andrew.

“Nobyong dati ni Rhea ‘yon kaso iniwan siya kaya nagkaroon siya ng depresyon,” sagot ng matanda.

Naawa siya kay Rhea kaya naging maintindihin siya rito. Kapag mainit ay binibigyan niya ito ng electric fan. Noong birthday nga nito ay binilhan niya ito ng panyo at abaniko. Isang maliit na ngiti naman ang ibinigay ni Rhea na ang mukha ay halos hindi gumagalaw.

Nadagdagan pa ng isang taon ang pagtatrabaho ni Nelda kay Mrs. Abad maging ang pagtatakip sa sekreto ni Rhea. Isang araw ay naglinis sila ng likod kung saan nakatumpok ang mga gamit ni Mrs. Abad. May hinahanap kasing papeles ng lupa sa probinsya ang may-ari na gusto nitong ibenta. Sa isang kahon ay may nakita siyang larawan ng isang malusog na Rhea na may isang napakasayang ngiti sa mukha at kasama nito ang isang guwapong lalaki.

Nahulog nga niya ang litrato dahil pamilyar ang lalaki. Ito ang among abogado ng kababata niyang si Bebeth. Noong birthday kasi ni Bebeth ay inimbata siya sa bahay na pinapasukan nito at ipinakilala siya sa amo nito. Ang alam niya ay may pamilya na ang abogado. College na nga ang panganay na anak nito.

Nang nag-off siya nang Linggong iyon ay inimbata niya si Bebeth na pumunta sila ng mall. Habang kumakain sa food court ay nagtanong-tanong siya tungkol sa amo nito.

“Kita mo naman noong birthday ko na

tinatrato talaga kaming mga katulong na parte ng pamilya. Wala talaga akong masabing masama kay Attorney.”

“Tanungin mo kaya kung may kakilala siyang Rhea Abad?”

“Sige,” ani Bebeth.

Kinagabihan nang nag-aayos siya para matulog ay nag-text sa kanya ang kaibigan. *“Tinanong ko si Sir kung may kakilala siyang Rhea Abad. Oo raw. College sweetheart niya raw iyon na namatay sa sakit sa puso.”*

Medyo nanindig ang balahibo niya sa nabasa. Medyo nga lang dahil una pa lamang ay aminado siyang mayroong hindi tama. Pero iyong makompirma ang hinala niya ay nakakagimbal. Nang pumasok siya nang sumunod na araw ay nakaramdam siya ng takot habang nakatingin kay Rhea, pero kung nakasama nga niya ito nang ilang taon na wala namang nangyayaring masama, bakit pa magiging isyu sa kanya na gumagalaw si Rhea? Ang importante ay may trabaho siya.

Minsan nagpupuyat sila ni Nanay Diding nang nakita nilang biglang nahulog si Rhea sa upuan at lupasay ito sa sahig. Napapapikit nga ang mga mata nito kaya napaiyak sa panic si Mrs. Abad. Pinabuhat nito sa kanila si Rhea para mailagay sa mahabang mesa.

“Nelda, dalhin mo dito ang itim na gallon sa opisina ko! Isama mo na rin ang blue na hose!” utos sa kanya ni Mrs. Abad.

Mabilis naman siyang gumalaw at binuhat ang

malaking gallon na nakatago sa ilalim ng mesa ng biyuda. Nandoon din sa tabi ang hose. Dinala niya ang mga ito sa amo kung saan hinuhubaran nito ng panty ang anak.

“Iabot mo ang hose!” utos nito kaya inabot naman niya iyon. Ipinasok ni Mrs. Abad ang asul na hose sa puwitan ng anak nito pagkatapos ay pinabuhat sa kanila ang gallon para dumaloy kung anuman ang laman papunta sa katawan ni Rhea.

Hindi matukoy ni Nelda kung ano ang laman. Parang mercury, pero hindi siya sigurado. May nahuhulog kasi sa sahig at nagkukumpulan ang likido. Ganyan kasi ang itsura ng mercury noong nakabasag siya ng thermometer sa health center sa bayan nila. At noong mga unang panahon, ang mercury ay ginagamit upang magtagal ang buhay ng isang tao.

Pagkatapos maubos ang isang gallon ay makakatayo na si Rhea kapag aalalayan nila. Napawi naman ang nerbyos sa mukha ni Mrs. Abad. Nang papauwi sila ni Nanay Diding ay doon siya kinausap ng matanda.

“Iparating mo kaya sa among abogado ng kababata mo na buhay pa si Rhea,” suhestyon nito sa kanya.

“Po?” nagtataka niyang tanong. “Baka po mawalan tayo ng trabaho niyan, ‘Nay?’”

“May nakita na akong bagong trabaho. Nakausap ko ang may-ari ng patahian at puwede kitang madala roon.”

Naguluhan si Nelda sa takbo ng usapan. Ang akala niya kasi ay loyal si Nanay Diding sa amo nila. Hindi niya tuloy mapigil ang sarili na magtanong. “Hindi ba kayo naaawa kay Mrs. Abad, ‘Nay?’”

“Mas kaawaan mo si Rhea. Gusto nang mamahinga ng bata.”

Dahil sa udyok ni Nanay Diding ay tinext niya ang katotohanan sa kababata. “*Beth, pakisabi nga kay Attorney na buhay pa si Rhea Abad.*”

“*Weh? Paano raw mabubuhay ang nilibing na?*” sagot ng kaibigan.

Binihisan niya muna ng magandang itim na gown si Rhea bago kinuhanan ng larawan sa ilalim ng bombilya. Ipinadala niya iyon sa *Messenger* ni Bebeth. Hindi sumagot ang babae pero alam niyang nakita na nito iyon dahil reflected ang salitang ‘Seen’ sa ilalim ng litrato na pinadala niya. Pagkatapos ng dalawang oras ay nag-message ang kaibigan niya.

“*Pwede ka raw ba makausap ni Sir bukas?*”

Pumayag si Nelda at ipinarating iyon ni Bebeth sa amo nito. Kinabukasan nang alas cinco ng hapon ay nasa isang fastfood restaurant na siya at kaharap si Atty. Andrew Salas na hindi mai-drawing ang itsura.

“Saan mo nakuha ang picture na ‘yon? Matagal nang patay si Rhea. Twenty years na. Nandoon pa ako sa hospital noon nang binawian siya ng buhay.”

“Buhay po si Rhea.” At para maniwala ang

abogado ay niyaya niya ito sa kanilang patahian. Ang alam niya kasi ay nasa ospital ngayon si Mrs. Abad. Nasa malalim na pag-iisip ang abogado habang ito ay nagmamaneho. Pagdating sa harap ng kanilang patahian ay bumakas din ang takot sa mukha nito.

Si Nelda ang nagbukas ng pinto at nandoon si Nanay Diding kasama si Rhea na nakaupo sa sulok at nakatingin sa kawalan. Pagkapasok doon ni Atty. Andrew Salas ay napaluha ito pagkakita sa dating kasintahan. Napaluha rin siya habang pinagmamasdan ang paglakad palapit ng abogado papunta kay Rhea. Niyakap nga nito ng napakahigpit ang *amalanhig*.

“Mahal ko... ikaw ba... ‘yan?” Halos hindi makasalita ang abogado dahil sa bumabarang emosyon sa lalamunan nito. Itinaas nito ang masabatong mukha ni Rhea at sa hindi inaasahan ay nalagyan ng kaunting emosyon ang mukha ng *amalanhig*, mukhang may saya na nagpupumiglas sa kung anumang lamig at bato na nakabalot dito.

“Andrew?” tanong ni Rhea.

“Oo, ako nga! Hindi ko inaasahan na makikita pa kita, mahal. Alam mo ba kung gaano ako nananabik na makita kang muli?”

“Andrew!” ang muling namutawi ni Rhea.

Lumabas sila ni Nanay Diding para magkaroon ng sariling oras ang dating magkasintahan. Nang muling bumalik ang dalawa sa loob ng patahian, nagpasuyo sa kanila ang abogado na dalhin ito kay Mrs. Abad.

Inihatid nila ito sa ospital kung saan nagpapagaling ang kanilang amo. Nang nakita ni Mrs. Abad ang dating kasintahan ng anak ay nasindak ang itsura nito.

“Ano’ng ginagawa mo rito?” tanong ni Mrs. Abad sa lalaki. Humingi ito ng tulong kay Nanay Diding. “Palabasin n’yo siya rito! Palabasin n’yo!”

“Nakita ko si Rhea, Tita,” mahinahong wika ni Andrew. “Iuuwi ko siya at ipapalibing.”

“Wala kang karapatang gawin ‘yan sa anak ko!” sigaw ni Mrs. Abad. “Kung hindi mo mahal ang anak ko at hahayaan mo lang siyang mawala, bahala ka! Basta ako hindi ko siya hahayaang mawala! Aalagaan ko siya!”

“Mahal ko si Rhea, Tita, at kung ako lang ang tatanungin ay gusto ko rin siyang nakikita palagi, pero huwag tayong maging makasarili. Hindi mo ba nakikita na hirap na hirap na ang tao? Gusto na niyang mamahinga.”

“Hindi!!!” sigaw ng biyuda.

Iling ang sagot ng abogado bago ito nagpaalam na aalis na.

Sumama sila ni Nanay Diding kay Andrew. Binalikan nila si Rhea at pinagtulungan na ikarga sa sasakyan ng lalaki. Nang sumunod na araw ay nakatanggap sila ng tawag mula sa abogado na kung gusto raw nilang sumama dahil ililibing nito si Rhea sa Abra, sa tabi ng puntod ng mga magulang nito.

Sumama naman sila.

Ginanap ang libing nang hapong iyon ng ika-

beinte cuatro ng Mayo. Inihimlay nila si Rhea sa isang sementeryo sa Abra. Binilhan ito ng abogado ng magandang kabaong. At sa huling pagkakataon ay niyakap nila si Rhea.

Naiyak nga si Nelda habang nakatingin sa dating magsing-irog na nagpapaalam. Nakahiga na si Rhea sa kabaong at niyayapos ito ng lalaki.

“Magkikita pa tayo, Rhea,” sabi ni Andrew.

Isang maliit na ngiti ang tugon ng *amalanhig* saka pumikit na ito. Mukhang ang tahimik na paghimlay nga talaga ang totoong hinanap nito.

Binigyan uli ito ng abogado ng huling halik sa noo bago isinarado ang kabaong. Ibinaba iyon ng dalawang lalaki sa hukay. Nang naayos na ang lahat ay nagpasalamat si Andrew sa kanila ni Nanay Diding at naghabilin sa dalawang lalaki na bantayan si Rhea habang inaagnas ng lupa dahil baka ipahukay uli ni Mrs. Abad tulad ng ginawa nito noon nang namatay ang anak nito.

Hindi nga nila matukoy kung saan natutunan ni Mrs. Abad na mangbuhay ng patay. Baka may nagturo rito o baka may alam na ang pamilya nito sa mga mahikang itim. Iyong tipong pinagpasapahan ng ilang henerasyon. Masikreto rin kasi ang kanilang amo. Hindi nga rin nila alam kung saan nito binibili ang likido sa gallon. Basta umuuwi lang ito na may dalang malaking container at ang alam nila ay iyon ang bumubuhay kay Rhea.

Bumalik sila ni Nanay Diding sa Maynila at lumipat ng patahian. Ang huli nilang balita kay



Mrs. Abad ay tumigil na raw ito sa pananahi at umuwi na ng Cagayan para makasama ang mga kapatid nito.

# IV

## Ang Bisita ng Prinsesa

Dahil sa pangangailangan sa pera kaya napapunta ng Saudi Arabia si Rina. Nang nasa nabanggit na bansa na siya ay saka lang niya nalaman na ang kanyang pagsisilbihan pala ay isang prinsesa na apo ng dating hari. May sarili itong palasyo sa probinsya ng Madinah, meron itong maraming ari-arian, cincuenta ang edad, at diborsyada sa asawa simula nang dumating ang mga bangungot nito.

“Rina, make him leave!!!” ang palaging iyak ng prinsesa sa kanya kapag dumadating ang karamdaman nito. Sinabi ng mga doktor ay meron itong schizoprenia at tinuturukan na lang ng pampatulog para kumalma. Maraming gamot ang ipinapainom dito para ma-sedate ito. Minsan kasi ay nagdedeliryo ito sa sobrang kaiiyak dahil kung anu-ano ang nakikita.

“You should give this to her every night before she sleeps,” sabi ng Arabong doktor sa kanya, sabay abot ng isang botelya ng gamot.

Napasinghap si Rina. Binilang niya sa medicine cabinet ang mga gamot na ipinapainom niya sa prinsesa. Sampung gamot! Lahat ay mabibigat

at kay mamahal. Napatingin siya sa amo niyang natutulog sa napakagarang four-poster bed at naawa. Mukhang pati ang tulog nito ay bagabag dahil balisa ang mukha. Naisip nga niyang ang suwerte rin niya dahil kahit mahirap siya ay wala naman siyang ganitong karamdaman.

Merong anak ang prinsesa. Isang lieutenant sa Arabian Army. Minsan lang ito napapabisita dahil abala sa trabaho. Kuwento nga ng Palestinian na kusinera na maayos at masaya naman daw ang pamilya hanggang sa nag-umpisa ang mga bangungot ng prinsesa.

Binibisita ito ng isang lalaki na naging biktima raw ng pamilya nito sa isang giyera. Dati nga raw ay minsanan lang dumadating ang bangungot, pero nang lumaon ay halos araw-araw na kaya naapektuhan na ang pagsasama nito at ng asawa kaya iniwan. Umpisa noon ay pulos doktor at psychiatrist na ang kasama ng prinsesa.

Isang hapon ay nagkaroon ito ng bisita. Galing si Rina sa botika para bumili ng gamot at ilalagay niya sana sa medicine cabinet sa pantry na nasa gilid ng kuwarta nang may nakita siyang isang tao na nakaupo sa silya sa gilid ng kama ng prinsesa.

Hindi niya makita ang mukha nito dahil nakatalikod sa kanya at nakaharap sa prinsesa. Idagdag pa ang kurtina sa kama na bahagyang lumilipad. Mahaba at malangis ang buhaghag na buhok ng bisita at nakasuot ito ng itim na roba. Maputla ang kamay nito na maiging nakahawak sa braso ng prinsesa habang kinakausap sa

lengguwaheng hindi niya maintindihan. Hindi na niya ginambala ang dalawa dahil baka may pinaguusapan. Lumabas na lang siya ng kuwarto.

At matagal pa, mga walong buwan ang nagdaan bago niya muling nakita ang tao na nasa loob ng kuwarto. Napahiya nga siya nang pumasok dahil sa kama talaga nakaupo ang tao at nakahawak pa sa mukha ng prinsesa.

Doon niya naisip na baka karelasyon ito ng prinsesa dahil maganda itong babae kahit may edad na. Maputi, parang sa santa ang mukha sa bilugang mga mata at matangos na ilong, at balingkinitan pa ang katawan. Gusto nga niyang aninagin ang mukha ng lalaki, pero nakakahiyang makita siyang nakikiusyuso kaya lumabas na lang siya ng kuwarto.

Sa ikatlong pagkakataong nakita ni Rina ang taong iyon ay natigilan siya. Biyernes iyon ng hapon. Tinawag siya ng prinsesa dahil gusto nitong umupo. Tinulungan naman niya itong bumaba ng higaan at umupo sa gilid ng bintana. Iniwan niya itong nagmamasid sa hardin sa labas.

Lumabas siya ng silid para kunin ang medicine tray na kanina lang ay hinugasan at ibinilad niya. Pagkabalik niya ng kuwarto ay halos himatayin siya sa nerbyos dahil nakita niya uli ang tao na nakaupo... hindi sa silya, hindi sa higaan, kundi sa balikat ng prinsesa na halos makuba sa pagod. Nagisnan pa niya ang mukha nito. Sa Arabo naman ay malana, mahapis ang mga pisngi at sobrang putla. Galit na galit ang itsura nito

habang nakatingin din sa hardin.

Mabilis na gumana ang utak niya. Umakto siya nang normal lang tulad noong unang dalawang pagkakataon para hindi makakuha ng atensyon. Inilagay niya muna ang tray sa pantry bago lumabas ng pinto at humagibis papuntang kusina para uminom ng tubig.

Ikinuwento niya sa mayordoma ang nakita at tiningnan nila sa security camera kung may pumasok na tao dahil walang pangalan ng bisita ang nakasulat sa logbook ng guwardya. Walang nakita. Sa CCTV ng hallway papasok sa kuwarto ng prinsesa ay wala namang pumasok buong araw maliban kay Rina at sa maid na si Anakhil na naghahatid ng pagkain sa amo. Wala ring kasama ang prinsesa sa loob ng kuwarto, iyon nga lang nakaupo ito na kubang-kuba talaga, malayo sa mala-aristokrata nitong postura.

Pagdating ng psychiatrist ay napatanong siya kung nakakahawa ba ang problema sa utak.

“No! It’s more on genetics and inborn. Does any of your family has brain problems?”

Umiling si Rina dahil ni isa sa kapamilya niya ay wala talagang may problema sa utak. Kahit nerbyos ay wala silang ganyan.

Pumasok sila sa kuwarto para ipa-explain sa prinsesa ang itsura sa bangungot nito.

“Long, greasy hair. Pale. Angry, gaunt face.”

“Doc, those were exactly the description of the man I saw,” sabi ni Rina sa doktor.

Hindi naman nito maipaliwanag ang nakita

niya. “Maybe it’s just some sort of hallucination or mass hysteria.”

Gusto nang mag-resign ng dalaga, pero nasasayangan din siya sa suweldo niya dahil malaki at marami pang bonuses. Tiniis na lang niya hanggang sa isang araw, pagpasok niya ng kuwarto ay nakita ulit niya ang tao. Nakaupo ito sa silya at hindi tulad dati na parang hindi siya nakikita ay nakatitig na ito sa kanya, galit na galit at nang-uuyam.

Hindi na siya nag-isip pa. Nag-resign siya at umuwi ng Pilipinas. Di bale nang magtrabaho bilang kahera sa maliit na suweldo at magbenta ng *Avon* products bilang sideline kaysa sa marami ka ngang pera pero binabangungot naman.

Bago siya umuwi ay kinausap niya ang anak ng prinsesa para sabihang kumuha ito ng albularyo para sa ina nito dahil baka minumulto lang ang prinsesa. Hindi niya alam kung sinunod nga ng lieutenant ang suhestyon niya. Basta ang importante kay Rina ay nakauwi na siya na may eksaktong katinuan.